

Pangangasiwa ng fruit fly ng Queensland Impormasyon sa Filipino

AGRICULTURE VICTORIA

Matatagpuan sa Victoria ang fruit fly ng Queensland at inaatake ang maraming prutas at gulay. Tutulungan ka ng fact sheet na ito na maghanap ng fruit fly ng Queensland sa iyong hardin at protektahan mula sa pinsala ang prutas at gulay na iyong inaalagaan.

ANO ANG ITSURA NG FRUIT FLY NG QUEENSLAND?

May apat na mga baitang para mabuhay ang fruit fly ng Queensland. Maaring magbago ang langaw mula sa isang itlog hanggang sa isang may sapat na gulang sa loob ng 30 araw sa tamang kondisyon ng panahon (ibig sabihin, 26 °C).



1. Itlog: Ang itlog ng fruit fly ng Queensland ay puti, hugis-saging na mga itlog sa loob ng mga prutas at gulay. Maaaring mangitlog ng hanggang sa 100 mga itlog bawat araw ang isang babae. Ang mga itlog ay 1 mm ang haba at mahirap makita.



2. Uod: Isang maliit na kulay-krema na uod na napisa mula sa bawat itlog. Ang mga uod ay kumakain ng prutas, ginagawa itong bulok sa loob. Ang mga uod ay lumalaki nang hanggang 9 mm ang haba. Kapag ganap na lumaki, lumalabas ang uod sa prutas at babaon sa lupa.



3. Pupa: Kapag nasa lupa, nagbabago ang mga uod sa isang hugis-itlog, kayumanggi, matigas na pupa. Sa loob ng pupal case, mabubuo ang matandang fruit fly ng Queensland.



4. Nasa hustong gulang: Ang fruit fly ng Queensland ay halos 7 mm ang haba at kulay-pulang kayumanggi, na may natatanging dilaw na mga marka sa katawan.

Ang fruit fly ng Queensland ay matatagpuan sa mga hardin sa panahon ng tagsibol, tag-init at taglagas.

MGA TANYAG NA MGA HOST NA FRUIT FLY NG QUEENSLAND NA LUMAKI SA BAHAY

Ang mga fruit fly ng Queensland ay nangingitlog sa loob ng iba't ibang prutas at gulay - tinatawag ang mga ito na 'hosts'. Ipinapakita sa ibaba ang ilang mga halimbawa sa karaniwang paglaki.



Ang isang buong listahan ng mga host ay magagamit sa www.agriculture.vic.gov.au/qff

PANGANGASIWA NG FRUIT FLY NG QUEENSLAND SA MGA HARDIN

1. Unang suriin para sa fruit fly ng Queensland

Mga bitag: Suriin kung ang fruit fly ng Queensland ay nasa iyong hardin sa pamamagitan ng pag-hang ng mga bitag para sa fruit fly ng Queensland. Mag-hang ng mga bitag na humigit-kumulang na 1.5 metro ang taas sa isang kalapit na lilim, na puno. Simulan ito sa unang bahagi ng tagsibol at magpatuloy hanggang sa taglamig.

Mayroong iba't ibang mga bitag na magagamit na umaakit at nanghuhuli ng fruit fly ng Queensland. Ang mga bitag na ito ay maaari ring makaakit at mahuli ang iba pang mga insekto na mabuti para sa iyong hardin, kaya suriin kung nahuli mo ang fruit fly ng Queensland bago gumamit ng anumang mga insecticide sa iyong mga puno o halaman.

2. Mga pamamaraan sa pagkontrol

Kung nakita mo ang fruit fly ng Queensland sa iyong hardin, makakakuha ka ng pinakamahasay na kontrol sa pamamagitan ng paggamit ng isang kombinasyon ng mga pamamaraan sa pagkontrol. Simulan ang mga paraan ng pagkontrol ng hindi bababa sa 6-8 na linggo bago mahinog ang prutas para sa pag-ani dahil maaaring mangitlog sa loob ng matigas, at berdeng prutas ang fruit fly ng Queensland.

Ang pagbubukod ay pinakamahasay: Gumamit ng netting, mga bag o manggas para sa insekto para masakop ang prutas pagkatapos na ma-pollin para mahinto ang fruit fly ng Queensland mula sa paglalagay ng mga itlog sa loob ng prutas at gulay. Huwag hayaang dumikit ang netting sa prutas.

Ang netting ng



Mga pain, bitag at mga insecticide: Ang mga bitag at pain para sa fruit fly ng Queensland ang aakit at manghuhuli ng fruit fly sa iyong hardin bago nila atakihin ang prutas. Maghanap ng mga bitag na pumapatay sa parehong mga langaw na babae at lalaki. Ang mga bitag ay maari na hindi makontrol ang fruit fly.

Magagamit din ang mga insecticide para pumatay ng fruit fly ng Queensland. Ang mga insecticide ay maaaring mapanganib kung hindi wastong ginamit - basahin at sundin ang mga direksyon sa label.

Ang lahat ng mga produktong ito ay maaaring mabili mula sa mga nursery, tindahan ng hardin sa bahay at mga retailer sa online.

3. Suriin ang iyong prutas at gulay

Maghanap ng mga kagat na marka sa balat at para sa mga uod sa loob ng prutas at gulay.

Mga kagat na



4. Mahalagang pangangalaga sa hardin (mabuting kalinisan)

Anihin at gamitin ang prutas habang hinog ito. Alisin ang lahat ng prutas at gulay na bulok, bumagsak sa lupa at pati na rin prutas na ayaw mong kainin. Ititigil nito ang fruit fly ng Queensland mula sa panganganak sa iyong hardin.

Putulin ang mga puno ng prutas para maabot mo ang mga ito pagkumukuha ng prutas, maglagay ng net na pang-insekto o spray.

Bago magtapon ng prutas, kailangan mong pumatay ng anumang mga uod na nasa loob sa pamamagitan ng pagyeyelo, pag-microwave, pagpapakulo, o solarising (pagselyo ng prutas sa loob ng isang plastic bag at iniwan ito sa araw nang hindi bababa sa 14 na araw). Pagkatapos mong magawa ito, ang mga naka-pack na prutas ay maaari ng ilagay sa iyong basurahan.

Huwag mag-compost ng prutas at gulay na mayroon o napinsala ng fruit fly ng Queensland.

Kung hindi mo mapangalagaan ang iyong mga puno ng prutas at gulay, palitan ang mga ito ng hindi host, mga pandekorasyon na halaman (hal. Mga katutubong wattle o grevilleas).

HUWAG IKALAT ANG FRUIT FLY NG QUEENSLAND

Ang pinakamahasay na paraan para ihinto ang fruit fly ng Queensland mula sa pagkalat sa mga bagong lugar ay ang hindi paglalakbay kasama ang mga prutas o gulay na host, lalo na ang mga lumaki sa bahay.

Maaaring mag-apply ang mga multa kung nahanap kang naglalakbay kasama ang host sa ilang mga lugar - para sa mga detalye bisitahin ang www.interstatequarantine.org.au.

Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa www.agriculture.vic.gov.au/qff o sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service Center sa 136 186.

Pinahintulutan at nai-publish ng Victorian Department of Jobs, Precincts and Regions, 1 Spring Street, Melbourne, Marso 2020

© Ang Estado ng Mga Trabaho ng Kagawaran ng Victoria, Mga Presinto at Rehiyon 2020